DepEd Advisory No. 251, s. 2016
September 14, 2016
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA WIKA AT PANITIKANG CORDILLERA

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng *Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikang Cordillera* na gaganapin mula ika-isa hanggang ikatlo ng Disyembre 2016 sa *College of Teacher Education Function Hall,* Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Ang layunin ng Kumperensiya ay:

1. maitampok ang wika at panitikang Cordillera;
2. makatulong sa kasalukuyang paggawa ng *learning materials*; at
3. matalakay ang mga kinakaharap nitong mga isyu at pagbabago bilang mahalagang sandigan sa pagpapaunlad pa lalo ng wika at panitikang Filipino.

Ang gawaing ito ay magkakaroon ng apat na sesyon:

1. Kasaysayan ng Panitikang Cordillera;
2. Panitikang Cordillera at ang Pagbuo ng Panitikang Pambansa;
3. Ang Kontemporaneong Panitikang Cordillera; at
4. Ang mga Wika sa Cordillera sa Panahon ng *K to 12* at *Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE).*

Ang mga guro mula sa iba't-ibang pampubliko at pampribadong paaralan sa elementarya at sekundarya ay inaanyayahang dumalo sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 entitled *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sinuman sa mga sumusunod:

- Dr. Winston Ros
  Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
  2/P Gusaling Watson, 1610 Jose P. Laurel Street
  San Miguel, Maynila
  Telepono: (02) 736-2519; (02) 734-5547
  Mobile Phone: 0939-642-2935
  Email: WN_ROS@yahoo.com
  Website: www.kwf.gov.ph

- Bb. Alicia Balongyad
  Mobile Phone: 0930-892-7475

APA/D-DA Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikang Cordillera
0640/September 6, 2016